lalawigan ng san diego

Ang Ating Otay Watershed

Ang mga watershed ay mga lupaing inaagusan ng tubig ng mga batis, lawa at ilog papunta sa mga karaniwang mababang lugar - kadalasang karagatan.

Ang Otay Watershed ay 1 sa 11 na watershed na nasa Lalawigan ng San Diego. Ito ay isa sa tatlong natatanging watershed na bumubuo sa San Diego Bay Watershed Management Area. Ang Otay Watershed ay nagsisimula sa mga bundok na nasa silangan ng Jamul at umaagos hanggang sa San Diego Bay sa pagitan ng Chula Vista at Imperial Beach. Kung kayo ay nakatira sa loob ng watershed na ito, maaaring makatulong ang inyong mga ginagawa sa inyong bahay at sa inyong komunidad upang mapaganda ang kalidad ng tubig sa ating mga ilog, lawa at karagatan.

Mapa ng Otay Watershed

Umaasa tayo sa ating mga watershed ng higit sa inyong inaakala.

Kapag tayo ay naglalakad sa kahabaan ng Otay River, nagbabangka at nangingisda sa Otay Reservoir, o simpleng umiinom ng tubig, ginagamit natin ang resources ng ating watershed.



Maaari Nating Pangalagaan ang Ating mga Watershed sa Kaunting Hakbang Lang!

Ang tubig na dumadaloy sa ating watershed ay nakakakuha ng mga pollutant tulad ng basura at bakterya, na maaaring magpadumi sa ating mga daanan ng tubig. **Ang unang prayoridad sa Otay Watershed ay ang maiwasan ang polusyon mula sa basura, kabilang na ang green waste.** Bilang mga residente, nasa atin kung paano ito pananatilihing malinis. Kapag pinagsama-sama ang kilos ng bawat indibidwal, magdudulot ito ng malalaking pagbabago.

Maaari kayong tumulong na protektahan ang ating watershed sa pamamagitan ng paggawa ng mga simpleng aksyon na ito upang maiwasan ang polusyon:

Basura | *kabilang ang green waste*

- Itapon ang lahat ng mga basura sa itinakdang mga lalagyan at panatilihing sarado ang mga takip.
- Bisitahin ang https://wastefreesd.org/ upang malaman kung paano magtapon o mag-recycle ng mga partikular na bagay.

Bakterya | *nakikita sa basura at kanal*

- Panatilihing walang basura mula sa dumi ng hayop ang inyong bakuran. Magdala ng mga bag kapag ipinapasyal ang inyong alaga at itapon nang maayos ang kanilang dumi sa itinakdang lalagyan.
- Pangalagaan ang inyong imburnal o septic system. Ireport kaagad ang mga tagas o tapon mula sa imburnal sa 858-505-6657.
- Maayos na itapon ang RV sewage sa mga itinakdang dump station.

Ang Lalawigan ng San Diego at ang mga partner nito ay nagtutulungan din upang mapanatiling maayos ang ating mga watershed.

Kung nais ninyong malaman pa ang tungkol sa mga pagsisikap na ito sa Otay Watershed bilang bahagi ng San Diego Bay Watershed, bisitahin ang www.projectcleanwater.org/san-diego-bay-wma/

Tumawag sa Amin para sa mas Maraming Impormasyon o para Magreport ng Polusyon.

1-888-846-0800 watersheds@sdcounty.ca.gov ■ www.sandiegocounty.gov/stormwater